Dokumento ng Katotohanan para sa Desisyon

Kung mayroon kayong mga sintomas ng COVID-19

Sundin ang mga tagubilin sa poster na ito para tulungan kayong gumawa ng pinakamabuting desisyon para sa inyo at sa inyong mga malalapit na kaibigan at kapamilya. Palaging gawin ang tamang mga hakbang sa kalinisan at paghadlang upang maiwasan ang kontaminasyon.

- Dalasan ang paghuhugas ng inyong mga kamay
- Umubo o bumahing sa tiklop ng inyong siko, sa itaas na bahagi ng inyong braso o sa isang papel na tissue, hindi sa inyong mga kamay
- Panatilihing malinis ang inyong kapaligiran

Mga nasa hustong gulang o mga bata

Mayroon akong lagnat (≥ 38 °C (100.4 °F) or ≥ 37.8 °C (100 °F) para sa mga may-edad) o alinman sa mga sumusunod na sintomas:

- Biglaang pagkawala ng pang-amoy nang walang pagbara ng ilong nang mayroon o walang pagkawala ng panlasa
- Pagsimula o paglala ng ubo
- Hirap sa paghinga
- Labis na pagkapagod
- Sakit sa kalamnan
- Sakit sa ulo
- Pagkawala ng gana sa pagkain
- Sakit sa lalamunan
- Pagtatae

O Ako ay may-edad na may mga sintomas ng matatanda (pagkawala ng kakayahang maging independiyente, pagkatumba, pagsisimula ng pagkalito, pagkaligalig o pagiging mabagal, pagkawala ng ganang kumain, labis na pagkapagod, at iba pa).

DESISYON

Mananatili ako sa bahay at tatawag sa 1-877-644-4545 Linya ng telepono para sa coronavirus.

Sundin ang mga tagubilin.

Mga nasa hustong gulang o mga bata

Mayroon akong lagnat na mas mataas kaysa sa 38 °C/100.4 °F at isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Hindi nawawala at/o tumitinding hirap sa paghinga
- Nangingitim na mga labi
- Lagnat (sanggol na wala pang tatlong buwan ang edad)
- Nahihirapang kumilos
- Pag-aantok, pagkalito, pagkataranta, nahihirapang manatiling gising
- Walang ihi nang 12 oras

DESISYON

Pumunta kaagad sa emergency room.

Kung kailangan ng tulong, tumawag sa 911.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Services Québec

Linya ng telepono para sa coronavirus

1-877-644-4545 (walang bayad)

Para sa mga tao na hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig

1-800-361-9596 (walang bayad)

Mahahalagang numero ng telepono:

Ang inyong pharmacist:

Ang inyong doktor:

Ang inyong CLSC:

20-210-194WFA

Manatiling alam ang pinakabagong impormasyon. Ang **Québec.ca/coronavirus** website ay may pinakabagong balita.

Québec